

Taong 2023 na Paliwanag Tungkol sa Paaralan

Hyogo Prefectural Ashiya International Secondary School

1. Petsa at oras

Oktubre 14, 2023 (Sabado)

10:00~12:30 (Umpisa ng pagtanggap: 9:30~)

Ang tinutugunan: Ang mga magulang o tagapangasiwa ng mga batang kasalukuyang nasa ika-6 na baitang ng mababang paaralan (o nasa gulang na katumbas nito) na tumutupad sa isa sa mga sumusunod na ①~③.

- ① Ang mga magulang o tagapangasiwa ng mga dayuhang bata na hindi pa sapat ang kakayahan sa wikang Hapon at kaalaman tungkol sa kultura ng Hapon, na pumasok sa bansang Hapon mula noong Abril 1, 2018, at walang nasyonalidad ng bansang Hapon.
- ② Ang mga magulang o tagapangasiwa ng mga batang bumalik mula sa ibang bansa, bumalik sa bansang Hapon mula noong Abril 1, 2018 mula sa walang-tigil na pagtira sa ibang bansa nang isang taon o higit pa.
- ③ Ang mga magulang o tagapangasiwa ng mga batang naiintindihan ang layunin ng edukasyon ng paaralang ito at naghahangad na manirahan o mag-aral sa ibang bansa sa kinabukasan kaya malakas ang pagnanais na makapasok sa paaralang ito.

2. Lugar

Gym na paaralang ito

〒659-0031 1-2 Niihama-cho, Ashiya City

- 900m papuntang timog kung lalakaran mula sa istasyon ng tren na Hanshin “Uchide”
- Sakyan ang Hankyu bus mula sa istasyon ng Hanshin “Ashiya”, JR “Ashiya” o Hankyu “Ashiya-gawa” at bumaba sa “Ashiya-hama Eigyocho Mae” na sakayan ng Hankyu bus, katabi ng sakayan ng bus na ito.

3. Mga pangunahing talakayin

- (1) Pagpakilala sa paaralan, paliwanag sa kurikulum ng edukasyon at ang buhay sa paaralan.
- (2) Paliwanag tungkol sa pagpili ng mag-aaral na makakapasok sa SY 2024~25
- (3) Personal na paunang sangguni

Ang personal na paunang sangguni ay para sa mga tinutugunan sa ① at ② pati na rin ang mga magulang o tagapangasiwa ng mga aplikante mula sa labas ng prefecture. Tiyaking kumunsulta ang mga tinutugunan. Maaaring i-download ang form ng konsultasyon mula sa website ng paaralan at punan ang mga kinakailangang impormasyon upang maghanda.

4. Mga punahin

- (1) Dapat isa-isip ng mga dadalo sa paliwanag tungol sa paaralan ang mga sumusunod.
 - ア Walang paradahan, kaya gumamit ng pampublikong transportasyon.
 - イ Hindi kayo maaaring pumasok sa gym na suot ng sapatos panlabas, kaya magdala ng panloob na sapatos tulad ng tsinelas.
- (2) Kung kailangan ng wikang banyaga na bersyon ng gabay na ito o may iba pang katanungan makipag-ugnayan lamang sa paaralan sa pamamagitan ng telepono.
- (3) Kung may biglaang pagbabago sa hinaharap, ilalagay namin ito sa website ng paaralan upang ipaalam sa inyo.